

DIRTY BOMBS

Ang aparato na nagpapakalat ng radyaktibong materyal (RDD) ay ang aparato na nagkakatatag ng radyaktibong pagkahawa. Pag ginagamit ang pampasabog upang ipakalat ang radyaktibong mga pulbo o bulitas, ito ang tinatawag na *dirty bomb*. Ang *dirty bomb* ay kaka-iba sa sadatang pang-nuklear — hindi nito nagagawa ang napakalakas na puwersa at paninira ng ng isang pagsabog na nuklear.

ANO ANG MGA PANGUNAHING PANGANIB NG ISANG DIRTY BOMB?

Ang pangunahing panganib ng *dirty bomb* ay nagmumula sa kanyang pagsabog, na maaaring maging sanhi ng malubhang pamiminsala at pagkasira ng mga ari-arian. **Malamang na hindi** magiging sanhi ng pangmadaliang kalubhaang sakit na may kaugayan sa pagkalantad sa radyaktibo ang mga ginamit na radyaktibong materyal sa isang *dirty bomb* o RDD maliban lamang kung ang mga tao ay napakalapit sa putok. Ngunit ang mga biktimgang nahawaan o nakahinga o nakakain ng radyaktibong alikabok ay maaaring magkaroon ng mas mataas na panganib na magkasakit.

ANU-ANONG MGA BAGAY ANG DAPAT KONG GAWIN UPANG MAPROTEKTAHAN ANG SARILI, PAMILYA, MGA KAIBIGAN AT MGA ALAGANG HAYOP KUNG KAMI AY NASA LUGAR NG ISANG DIRTY BOMB?

Dahil hindi makita, maamoy, masalat o malasahan ang radyasyon, dapat kang magsagawa ng mga madaliang hakbang upang maprotektahan ang iyong sarili at ang iyong mga mahal sa buhay. Ang mga pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin ay:

- Sumunod sa direksyon, payo at rekomendasyon ng mga awtoridad na lokal at pang-estado.
- Manatiling magkasama at ipaalam sa mga awtoridad ang iyong lokasyon, pangalan, at ang mga kasama mong pamilya at mga kaibigan. Ipaalam din sa awtoridad kung mayroong mga malubhang nasaktan o may mga nagkasakit.
- Bawasan ang panahon na ikaw ay nalantad sa o nakontamina ng radyaktibong alikabok o materyal sa lalong madaling panahon.
- Maghanap ng ligtas na sisilungan na makakaprotekta sa inyo laban sa pagkakalantad sa radyasyon.
 - Kung ikaw ay nasa loob ng gusali, manatili sa iyong lugar habang ito ay hindi sira.
 - Kung ikaw ay nasa labas, maghanap ng ligtas na gusali na masisilungan. Iwasan ang mga nasirang gusali.
 - Sumilong sa may gitna ng gusali.
 - Isara lahat ng mga bintana at pinto.
 - Patayin ang mga sistema ng bintilador gaya ng heater at aircon, na maaaring magdala ng radyaktibong mga alikabok sa loob ng gusali.
 - *Huwag umalis sa ligtas na silungan hanggang sabihin ng mga first responders at awtoridad.*
- Bawasan ang radyaktibong pagkahawa:
 - Iwasang makahinga ng radyaktibong alikabok sa pamamagitan ng pagtakip ng iyong bibig at ilong ng damit hanggang ikaw ay makaabot sa isang ligtas na lokasyon na malayo sa insidente ng dirty bomb at itapon ang mga damit na nakontamina.
 - Itapon ang lahat ng damit na panglabas na maaaring na kontamina ng radyaktibong materyal at ito ay ilagay sa isang plastik na supot, kung maaari. Itago at ilayo ang mga kontaminadong mga damit sa mga tao.
 - Matapos itapon ang damit na panglabas, pumunta sa ligtas na lugar sa may gitna ng gusali.
 - Iwasang kumain at uminom ng anumang pagkain o likido na maaaring nakontamina ng alikabok na radyaktibo. Pinapahintulutan lamang kumain o uminom ng pagkain at tubig matapos linisin ang kontaminasyon sa labas ng mga nilalagyan.
 - Sa unang pagkakataon, hugasan ang mga nalantad na balat o maligo upang mabawasan ang kontaminasyon ng iyong katawan.

- HIGIT PA -



MARYLAND
Department of Health

Office of Preparedness and Response

Updated 11/2017

KUNG IKAW AY NASA SASAKYAN NG MANGYARI ANG INSIDENTE:

- Isara ang mga bintana at patayin ang aircon, heater at mga daanan ng hanging (vent).
- Takpan ang iyong ilong at bibig ng damit upang maiwasang makahinga ng radyaktibong alikabok o usok.
- Kung ikaw ay malapit sa iyong bahay, opisina o isang gusaling pampubliko, pumunta agad doon at agad na pumasok.
- Kung hindi mo maabot ang iyong bahay o ibang gusali na matiwasay, huminto sa gilid ng daan na pinakaligtas. Kung mainit o maaraw ang panahon, kayaning huminto sa ilalim ng tulay o sa makulimlim na lugar.
- Patayin ang makina at makinig sa radyo ng mga tagubilin.
- Manatili sa iyong sasakyan hanggang sabihing ligtas nang bumalik sa kalsada.

ANONG GAGAWIN KO SA MGA ANAK KO'T PAMILYA?

- Kung kasama mo ang iyong mga anak o pamilya, manatiling magkasama.
- Kung ang iyong mga anak o pamilya ay nasa ibang bahay o gusali, dapat silang manatili doon hanggang ikaw ay sabihang ligtas nang magpatuloy ng iyong biyahe.
- Ang mga paaralan ay may mga planong pang emerhensiya at mga silungan. Kung ang iyong mga anak ay nasa paaralan, dapat silang manatili doon hanggang ligtas nang bumiyahen uli. Huwag pumunta sa paaralan hanggang sabihin ng mga opisyal na pampubliko na ligtas nang gawin ito.

PAANO KO MAPOPOTEKTAHAN ANG AKING MGA ALAGANG HAYOP?

- Kung may alaga kang hayop na nasa labas, ipasok sila sa loob kung ito ay ligtas na gawin.
- Paliguan ang iyong mga alaga ng sabon at tubig upang maalis ang radyaktibong alikabok.

DAPAT BA AKONG UMINOM NG POTASSIUM IODIDE?

- Ang *potassium iodide* na tinatawag din na KI ay pumoprotekta lamang sa tiroydeo (thyroid glands) ng tao mula sa pagkalantad sa radyaktibong *iodine*. Ang KI ay hindi makakaprotekta sa tao mula sa iba pang klase ng radyaktibong materyal o makakaprotekta ng iba pang parte ng katawan mula sa pagkalantad ng radyasyon.
- Papayuhan ka ng awtoridad na pang Estado at lokal sa pag-inom ng KI matapos mangyari ang insidente ng *dirty bomb*.

MAGIGING LIGTAS BA ANG MGA GAMIT NA PAGKAIN AT TUBIG?

- Babantayan ng mga awtoridad ang kalidad at kaligtasan ng pagkain at tubig at ipapa-alam nito sa publiko.
- Malamang mananatiling ligtas ang mga gamit na pagkain at tubig. Subalit, ang mga pagkain at tubig na hindi nakabalot na nasalabas at malapit sa insidente ay maaaring may radyaktibong alikabok.
- Ang mga pagkain na nasa lata at nakabalot sa lalagyan ay ligtas kainin. Hugasan ang labas ng lalagyan bago buksan ito.

- HIGIT PA -



MARYLAND
Department of Health

Office of Preparedness and Response


Updated 11/2017

DIRTY BOMBS

PAANO KO MALALAMAN NA AKO'Y NALANTAD NG RADYASYON O NAHAWAAN NG MGA RADYAKTIBONG MATERYAL?

- Maari na hindi mo malalaman na ikaw ay nalantad. Ang mga pulis o bombero ay mabilis na magsusuri sa iyo ng radyasyon sa pamamagitan ng paggamit ng espesyal na kagamitan upang malaman kung gaano karaming radyasyon ang nasa lugar ninyo at kung ito ay may taglay na panganib sa inyo.
- Ang mababang antas ng radyasyon (gaya nang inaasahan mula sa *dirty bomb*) ay hindi magkakaroon ng sintomas. Ang higit na mataas na antas ng radyasyon na pagkalandad ay maaaring magbigay ng sintomas gaya ng pagkahilo, pagsuka, pagtatae, at pamamaga at pamumula ng balat.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

 preparedness.health.maryland.gov

 facebook.com/MarylandOPR

 twitter.com/MarylandOPR

 health.maryland.gov

 facebook.com/MarylandDHMH

 twitter.com/MDHealthDept



MARYLAND
Department of Health

Office of Preparedness and Response

Updated 11/2017